Kagawaran ng Edukasyon sa NSW

**School counselling service**

Information for parents and carers

# Serbisyo ng pagpapayo ng paaralan

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Lahat ng mga pampublikong paaralan ng NSW ay makakagamit ng suportang sikolohikal sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapayo ng paaralan.

Kabilang sa serbisyo ng pagpapayo ng paaralan ay ang mga tagapayo ng paaralan (school counsellors) at mga sikologo ng paaralan (school psychologists) na nagbibigay ng pagpapayo, pagtatasang sikolohikal at mga serbisyong nakikialam (intervention) para sa mga mag-aaral mula pre-school hanggang Year 12. Nakikipagtulungan sila sa mga pamilya, mga kawani ng paaralan, at iba pang mga propesyonal upang suportahan ang pag-aaral, kalusugan ng isip at kapakanan ng mga mag-aaral, at upang makabuo ng ligtas, malusog at sumusuportang mga kapaligiran ng pag-aaral.

Lahat ng mga kawani na tagapagpayo ng paaralan ay may mga post-graduate na kwalipikasyon sa sikolohiya at ginagamit ang kanilang mga kadalubhasaan sa kalusugan ng isip, pag-aaral, at pag-uugali upang upang matulungan ang mga bata at kabataan na magtagumpay sa akademya, sa lipunan, sa pag-uugali at sa emosyon.

Ang tagapagpayo ng paaralan o sikologo ng paaralan ay maaaring:

- magbigay ng pagpapayo sa mga mag-aaral
- tasahin ang pagkakatuto ng mag-aaral at mga pangangailangang pangkalusugan sa isip
- makipagtulungan sa mga guro at mga espesyalistang kawani
- tulungan ang mga pamilya na maintindihan at pangasiwaan ang mga pangangailangan sa pag-aaral at kalusugan sa isip ng kanilang mga anak
- makipag-ugnayan sa mga panlabas na ahensya at mga propesyonal sa kalusugan sa isip upang makapagbigay ng pinag-ugnay at lubos na suporta sa bawat mag-aaral.

Kapag nakikipagtulungan sa mga mag-aaral, mga magulang o tagapag-alaga, at mga guro, ang mga kawani na tagapagpayo ng paaralan ay magpapaliwanag kung paano sila magtrabaho, makikinig nang mabuti sa mga sinasabi, tumulong na liwanagin ang mga pagpipilian at hikayatin ang may kaalamang pagdedesisyon.

## Pagiging kompidensyal

Ang mga kawani na tagapagpayo ng paaralan ay nagbibigay ng kusang-loob at kumpidensyal na tulong pangsikolohikal sa mga mag-aaral. Ang kumpidensyal na impormasyon ay hindi ibabahagi sa iba nang walang pahintulot ng mag-aaral, magulang, o tagapag-alaga maliban kung kinakailangan ng batas o kaya ay upang mapigilan ang malubhang panganib sa kaligtasan o kapakanan.

## Pagkonsulta

Ang mga priyoridad para sa suporta sa pagpapayo sa paaralan ay ipinapasya sa pamamagitan ng pagkonsulta sa mga koponan ng pag-aaral at kapakanan sa paaralan. Ang mga magulang o tagapag-alaga na may mga alalahanin para sa pagkakatuto, kalusugan sa isip at/o kapakanan ng kanilang anak ay maaaring humingi ng isang pagdalaw (appointment) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay maaari ring mismong ikonsulta ang sarili o magpatulong sa mga magulang o mga kawani ng pagtuturo upang makagawa ng isang appointment.

## Serbisyo ng pag-iinterprete sa telepono

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang paaralan. Kung nangangailangan ka ng interpreter upang tumulong sa iyong pagtatanong, pakitawagan ang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa iyong wika.

Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong tawagan at ang opereytor ay kukuha ng isang interpreter sa linya upang tulungan ka sa pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin ng bayad sa serbisyong ito.